PRINT CLEAR

State of California
Department of Industrial Relations
DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

Estado ng California
Department of Industrial Relations
DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

**WORKERS' COMPENSATION CLAIM FORM (DWC 1)**

***CLAIM FORM PARA SA BAYAD-PINSALA SA MGA MANGGAGAWA (DWC 1)***

**Employee:** Complete the **"Employee"** section and give the form to your employer. Keep a copy and mark it "**Employee's Temporary Receipt"** until you receive the signed and dated copy from your employer. You may call the Division of Workers' Compensation and hear recorded information at **(800) 736-7401.** An explanation of workers' compensation benefits is included in the Notice of Potential Eligibility, which is the cover sheet of this form. Detach and save this notice for future reference.

You should also have received a pamphlet from your employer describing workers' compensation benefits and the procedures to obtain them. You may receive written notices from your employer or its claims administrator about your claim. If your claims administrator offers to send you notices electronically, and you agree to receive these notices only by email, please provide your email address below and check the appropriate box. If you later decide you want to receive the notices by mail, you must inform your employer in writing.

**Any person who makes or causes to be made any knowingly false or fraudulent material statement or material representation for the purpose of obtaining or denying workers' compensation benefits or payments is guilty of a felony.**

**Empleyado:** Sagutan ang seksyon ng **"Empleyado"** at ibigay ang form sa iyong pinagtatrabahuhan. Magtago ng isang kopya at markahan itong **"Pansamantalang Resibo ng Empleyado"** hanggang matanggap mo ang nalagdaan at napetsahang kopya mula sa iyong pinagtatrabahuhan. Maaari kang tumawag sa Division of Workers' Compensation at pakinggan ang nakarekord na mga impormasyon sa **(800) 736-7401.** Kasama ang isang pagpapaliwanag tsa mga benepisyo sa bayad-pinsala sa mga manggagawa sa Paunawa Tungkol sa Posibleng Pagiging Karapat-dapat, na siyang pabalat na papel ng form na ito. Tanggalin at itago ang paunawang ito bilang sanggunian sa hinaharap.

Natanggap mo na rin dapat ang isang pulyeto mula sa iyong pinagtatrabahuhan na naglalarawan sa mga benepisyo ng bayad-pinsala sa mga manggagawa at ang mga proseso para makuha ang mga ito. Maaari kang makatanggap ng mga nakasulat na paunawa mula sa iyong pinagtatrabahuhan o sa tagapangasiwa ng mga claim nito tungkol sa iyong claim. Kung iaalok ng iyong tagapangasiwa ng mga claim na padalhan ka ng mga paunawa sa elektronikong paraan, at sumang-ayon kang tatanggapin ang mga paunawa sa pamamagitan lamang ng email, mangyaring ibigay ang iyong email address sa ibaba at tsekan ang naaangkop na kahon. Kung paglaon ay magdesisyon kang gusto tumanggap ng mga paunawa sa pamamagitan ng koreo, dapat mong ipagbigay-alam sa iyong pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng sulat.

Sinumang tao na gagawa o magiging dahilan ng anumang sinasadyang hindi totoo o mapanlinlang na materyal na pahayag o materyal na representasyon para sa layuning pagkuha o pagkakait ng mga benepisyo o pagbabayad sa bayad-pinsala sa mga manggagawa ay gumagawa ng isang krimen.

**Employee—complete this section and see note above** ***Empleyado—sagutan ang seksyon na ito at tingnan ang paunawa sa itaas***

1. Name. *Pangalan.* ____________ Today's Date. *Petsa Ngayon.* ____________
2. Home Address. *Address ng Tirahan.* ____________
3. City. *Lungsod.* ____________ State. *Estado.* ____________ Zip. *Zip.* ____________
4. Date of Injury. *Petsa ng Pagkapinsala.* ____________ Time of Injury. *Oras ng Pagkapinsala.* ________ a.m. ________ p.m.
5. Address and description of where injury happened. *Address at paglalarawan ng lugar na pinangyarihan ng pinsala.* ____________
6. Describe injury and part of body affected. *Ilarawan ang pinsala at apektadong bahagi ng katawan.* ____________
7. Social Security Number. *Social Security Number.* ____________
8. ❑ Check if you agree to receive notices about your claim by email only. ❑ *Tsekan kung sumasang-ayon kang tumanggap ng mga paunawa tungkol sa iyong claim sa pamamagitan ng email lamang*. Employee's e-mail. *E-mail ng Empleyado.* ____________

You will receive benefit notices by regular mail if you do not choose, or your claims administrator does not offer, an electronic service option. *Makakatanggap ka ng mga paunawa tungkol sa benepisyo sa pamamagitan ng regular na sulat kung hindi ka pipili, o kung hindi mag-aalok ang iyong tagapangasiwa ng mga claim ng opsyon na elektronikong serbisyo.*

9. Signature of employee. *Lagda ng empleyado.* ____________

**Employer—complete this section and see note below.** ***Pinagtatrabahuhan—sagutan ang seksyon na ito at tingnan ang paunawa sa ibaba.***

10. Name of employer. *Pangalan ng pinagtatrabahuhan.* University of California, Irvine
11. Address. *Address.* Human Resources - Workers' Compensation, 111 Theory, Suite 200, Irvine, CA 92697-4600
12. Date employer first knew of injury. *Petsang unang malaman ng pinagtatrabahuhan ang tungkol sa pinsala.* ____________
13. Date claim form was provided to employee. *Petsang ibinigay ang claim form sa empleyado.* ____________
14. Date employer received claim form. *Petsang natanggap ng pinagtatrabahuhan ang claim form.* ____________
15. Name and address of insurance carrier or adjusting agency. *Pangalan at address ng tagapagdulot ng seguro o ahensiyang nagsasaayos.* Sedgwick CMS, P.O. Box 14533, Lexington, KY 40512-4533
16. Insurance Policy Number. *Insurance Policy Number.* Self-Insured
17. Signature of employer representative. *Lagda ng kinatawan ng pinagtatrabahuhan.* ____________
18. Title. *Titulo.* ____________ 19. Telephone. *Telepono.* ____________

**Employer:** You are required to date this form and provide copies to your insurer or claims administrator and to the employee, dependent or representative who filed the claim within **one working day** of receipt of the form from the employee.

SIGNING THIS FORM IS NOT AN ADMISSION OF LIABILITY

***Pinagtatrabahuhan:*** *Kailangan mong lagyan ng petsa ang form na ito at magbigay ng mga kopya sa iyong tagapagseguro o tagapangasiwa ng mga claim at sa empleyado, dependent o kinatawan na nagsusumite ng claim sa loob ng* ***isang araw ng trabaho*** *pagkatanggap sa form mula sa empleyado.*

*ANG PAGLAGDA SA FORM NA ITO AY HINDI PAG-AKO NG PANANAGUTAN*

❑Employer copy/ Kopya ng pinagtatrabahuhan ❑Employee copy/ Kopya ng empleyado ❑Claims Administrator/ Tagapangasiwa ng mga Claim ❑Temporary Receipt/ *Pansamantalang Resibo*

## Workers' Compensation Claim Form (DWC 1) & Notice of Potential Eligibility
## *Claim Form para sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa (DWC 1) at Paunawa sa Posibleng Pagiging Karapat-dapat*

If you are injured or become ill, either physically or mentally, because of your job, including injuries resulting from a workplace crime, you may be entitled to workers' compensation benefits. Use the attached form to file a workers' compensation claim with your employer. **You should read all of the information below.** Keep this sheet and all other papers for your records. You may be eligible for some or all of the benefits listed depending on the nature of your claim. If you file a claim, the claims administrator, who is responsible for handling your claim, must notify you within 14 days whether your claim is accepted or whether additional investigation is needed.

To file a claim, complete the "Employee" section of the form, keep one copy and give the rest to your employer. Do this right away to avoid problems with your claim. In some cases, benefits will not start until you inform your employer about your injury by filing a claim form. Describe your injury completely. Include every part of your body affected by the injury. If you mail the form to your employer, use first-class or certified mail. If you buy a return receipt, you will be able to prove that the claim form was mailed and when it was delivered. Within one working day after you file the claim form, your employer must complete the "Employer" section, give you a dated copy, keep one copy, and send one to the claims administrator.

**Medical Care:** Your claims administrator will pay for all reasonable and necessary medical care for your work injury or illness. Medical benefits are subject to approval and may include treatment by a doctor, hospital services, physical therapy, lab tests, x-rays, medicines, equipment and travel costs. Your claims administrator will pay the costs of approved medical services directly so you should never see a bill. There are limits on chiropractic, physical therapy, and other occupational therapy visits.

**The Primary Treating Physician (PTP)** is the doctor with the overall responsibility for treatment of your injury or illness.

- If you previously designated your personal physician or a medical group, you may see your personal physician or the medical group after you are injured.
- If your employer is using a medical provider network (MPN) or Health Care Organization (HCO), in most cases, you will be treated in the MPN or HCO unless you predesignated your personal physician or a medical group. An MPN is a group of health care providers who provide treatment to workers injured on the job. You should receive information from your employer if you are covered by an HCO or a MPN. Contact your employer for more information.
- If your employer is not using an MPN or HCO, in most cases, the claims administrator can choose the doctor who first treats you unless you predesignated your personal physician or a medical group.
- If your employer has not put up a poster describing your rights to workers' compensation, you may be able to be treated by your personal physician right after you are injured.

Within one working day after you file a claim form, your employer or the claims administrator must authorize up to $10,000 in treatment for your injury, consistent with the applicable treating guidelines until the claim is accepted or rejected. If the employer or claims administrator does not authorize treatment right away, talk to your supervisor, someone else in management, or the claims administrator. Ask for treatment to be authorized right now, while waiting for a decision on your claim. If the employer or claims administrator will not authorize treatment, use your own health insurance to get medical care. Your health insurer will seek reimbursement from the claims administrator. If you do not have health insurance, there are doctors, clinics or hospitals that will treat you without immediate payment. They will seek reimbursement from the claims administrator.

**Switching to a Different Doctor as Your PTP:**

- If you are being treated in a Medical Provider Network (MPN), you may switch to other doctors within the MPN after the first visit.
- If you are being treated in a Health Care Organization (HCO), you may switch at least one time to another doctor within the HCO. You may switch to a doctor outside the HCO 90 or 180 days after your injury is reported to your employer (depending on whether you are covered by employer-provided health insurance).
- If you are not being treated in an MPN or HCO and did not predesignate, you may switch to a new doctor one time during the first 30 days after your injury is reported to your employer. Contact the claims administrator to switch doctors. After 30 days, you may switch to a doctor of your choice if

Kung ikaw ay magtamo ng pinsala o nagkasakit, sa katawan o pag-iisip, dahil sa iyong trabaho, kabilang ang mga pinsalang dulot ng krimen sa lugar ng pinagtatrabahuhan, maaaring karapat-dapat ka sa mga benepisyo na bayad-pinsala sa mga manggagawa. Gamitin ang nakalakip na form para mag-file sa iyong pinagtatrabahuhan ng claim para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. **Dapat mong basahin ang lahat ng impormasyon sa ibaba.** Itago ang dokumentong ito at lahat ng mga iba pang papeles para sa iyong mga record. Maaaring karapat-dapat ka para sa ilan o lahat ng mga nakalistang benepisyo depende sa uri ng iyong claim. Kung magsusumite ka ng claim, dapat kang abisuhan ng tagapangasiwa ng mga claim na responsable sa pagproseso ng iyong claim sa loob ng 14 na araw kung ang claim ay tinanggap o kung nangangailangan ng karagdagang imbestigasyon.

Para magsumite ng claim, sagutan ang seksyon ng form na "Empleyado", magtago ng isang kopya at ibigay ang iba sa iyong pinagtatrabahuhan. Gawin ito kaagad upang maiwasan ang mga problema sa claim mo. Sa ilang mga kaso, hindi magsisimula ang mga benepisyo hangga't ipinagbigay-alam mo sa iyong pinagtatrabahuhan ang tungkol sa tinamo mong pinsala sa pamamagitan ng pagsusumite ng claim form. Ilarawang mabuti ang tinamo mong pinsala. Isama ang bawat bahagi ng iyong katawan na naapektuhan ng pinsala. Kung ipapadala mo ang form sa iyong pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng koreo, gumamit ng first-class o certified na koreo. Kung bibili ka ng return receipt, mapapatunayan mong naipadala sa koreo ang claim form at ito'y naihatid. Sa loob ng isang araw ng trabaho matapos mong isumite ang claim form, dapat na sagutan ng iyong pinagtatrabahuhan ang seksyon na "Pinagtatrabahuhan", bibigyan ka ng nalagyan ng petsa na kopya, magtabi ng isa, at ipadala ang isa pang kopya sa tagapangasiwa ng mga claim.

**Medikal na Pangangalaga:** Babayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang lahat ng makatwiran at kinakailangang medikal na pangangalaga para sa tinamo mong pinsala o karamdaman. Ang mga benepisyong medikal ay napapasailalim sa pag-aproba at maaaring kabibilangan ng paggamot ng isang doktor, mga serbisyo ng ospital, physical therapy, mga pagpapasuri sa laboratoryo, mga x-ray, gamot, mga kasangkapan at gastos sa pagbibiyahe. Direktang babayaran ng iyong tagapangasiwa ng mga claim ang mga gastos ng mga naaprubahan serbisyong medikal para hindi ka kailanman makatanggap ng bill. May mga limitasyon sa mga pagbisita sa chiropractor, physical therapy, at mga iba pang pagbisita para sa occupational therapy.

**Ang Pangunahing Gumagamot na Doktor (PTP)** ay ang doktor na may pangkalahatang responsibilidad para sa paggamot sa pinsala o karamdaman mo.

- Kung nagtalaga ka noon ng iyong personal na doktor o medikal na grupo, maaari kang magpatingin sa iyong personal na doktor o sa medikal na grupo pagkaraan ng pagtamo mo ng pinsala.
- Kung gumagamit ang pinagtatrabahuhan mo ng isang network ng tagapagdulot ng serbisyong medikal (medical provider network - MPN) o Organisasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Organization - HCO), sa kadalasan, gagamutin ka sa MPN o HCO maliban kung nauna mong itinalaga ang iyong personal na doktor o medikal na grupo. Ang MPN ay isang grupo ng mga tagapagdulot ng pangangalagang pangkalusugan na nagdudulot ng paggamot sa mga manggagawang nagtamo ng pinsala sa trabaho. Dapat kang makatanggap ng mga impormasyon mula sa iyong pinagtatrabahuhan kung sakop ka ng isang HCO o MPN. Makipag-ugnayan sa iyong pinagtatrabahuhan para sa mga karagdagang impormasyon.
- Kung hindi gumagamit ang pinagtatrabahuhan mo ng MPN o HCO, sa kadalasan, maaaring pumili ang tagapangasiwa ng mga claim ng doktor na unang gagamot sa iyo maliban kung nauna kang nagtalaga ng iyong personal na doktor o medikal na grupo.
- Kung hindi nagpaskil ang pinagtatrabahuhan mo ng isang poster na naglalarawan sa iyong mga karapatan sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, maaari kang gamutin kaagad ng iyong personal na doktor matapos mong magtamo ng pinsala.

Sa loob ng isang araw ng trabaho matapos mong magsumite ng claim form, dapat na pahintulutan ng iyong pinagtatrabahuhan o ng tagapangasiwa ng mga claim ang hanggang $10,000 sa paggamot para sa iyong pinsala, nang naaayon sa mga naaangkop na alituntunin sa paggamot hangga't tanggapin o tanggihan ang claim. Kung hindi kaagad pahihintulutan ng pinagtatrabahuhan o ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot, makipag-usap sa iyong superbisor, isang tao sa pangasiwaan, o sa tagapangasiwa ng mga claim. Humingi ng paggamot para mapahintulutan ngayon, habang naghihintay ng desisyon sa iyong claim. Kung hindi pahihintulutan ng pinagtatrabahuhan o ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot, gamitin ang iyong sariling segurong pangkalusugan upang madulutan ng pangangalagang medikal. Ipapabayad ang ginastos ng tagapagseguro ng iyong kalusugan sa tagapangasiwa ng mga claim. Kung wala kang segurong pangkalusugan, may mga doktor, klinika o ospital na gagamot sa iyo nang hindi kinakailangang magbayad kaagad. Ipapabayad nila ang mga gastos sa tagapangasiwa ng mga claim.

**Paglipat sa Ibang Doktor Bilang Iyong PTP:**

- Kung ginagamot ka sa isang Network ng Tagapagdulot ng Serbisyong Medikal (Medical Provider Network - MPN), maaari kang lumipat sa mga ibang doktor sa loob ng MPN matapos ang unang pagbisita.
- Kung ginagamot ka sa isang Organisasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan (HCO), maaari kang lumipat nang hindi bababa sa isang beses sa ibang doktor sa loob ng HCO. Maaari kang lumipat sa ibang doktor sa labas ng HCO sa 90 o 180 araw matapos maiulat ang iyong pinsala sa pinagtatrabahuhan mo (depende kung sakop ka o hindi ng segurong pangkalusugan na ipinagkakaloob ng pinagtatrabahuhan).

your employer or the claims administrator has not created or selected an MPN.

**Disclosure of Medical Records:** After you make a claim for workers' compensation benefits, your medical records will not have the same level of privacy that you usually expect. If you don't agree to voluntarily release medical records, a workers' compensation judge may decide what records will be released. If you request privacy, the judge may "seal" (keep private) certain medical records.

**Problems with Medical Care and Medical Reports**: At some point during your claim, you might disagree with your PTP about what treatment is necessary. If this happens, you can switch to other doctors as described above. If you cannot reach agreement with another doctor, the steps to take depend on whether you are receiving care in an MPN, HCO, or neither. For more information, see "Learn More About Workers' Compensation," below.

If the claims administrator denies treatment recommended by your PTP, you may request independent medical review (IMR) using the request form included with the claims administrator's written decision to deny treatment. The IMR process is similar to the group health IMR process, and takes approximately 40 (or fewer) days to arrive at a determination so that appropriate treatment can be given. Your attorney or your physician may assist you in the IMR process. IMR is not available to resolve disputes over matters other than the medical necessity of a particular treatment requested by your physician.

If you disagree with your PTP on matters other than treatment, such as the cause of your injury or how severe the injury is, you can switch to other doctors as described above. If you cannot reach agreement with another doctor, notify the claims administrator in writing as soon as possible. In some cases, you risk losing the right to challenge your PTP's opinion unless you do this promptly. If you do not have an attorney, the claims administrator must send you instructions on how to be seen by a doctor called a qualified medical evaluator (QME) to help resolve the dispute. If you have an attorney, the claims administrator may try to reach agreement with your attorney on a doctor called an agreed medical evaluator (AME). If the claims administrator disagrees with your PTP on matters other than treatment, the claims administrator can require you to be seen by a QME or AME.

**Payment for Temporary Disability (Lost Wages):** If you can't work while you are recovering from a job injury or illness, you may receive temporary disability payments for a limited period. These payments may change or stop when your doctor says you are able to return to work. These benefits are tax-free. Temporary disability payments are two-thirds of your average weekly pay, within minimums and maximums set by state law. Payments are not made for the first three days you are off the job unless you are hospitalized overnight or cannot work for more than 14 days.

**Stay at Work or Return to Work:** Being injured does not mean you must stop working. If you can continue working, you should. If not, it is important to go back to work with your current employer as soon as you are medically able. Studies show that the longer you are off work, the harder it is to get back to your original job and wages. While you are recovering, your PTP, your employer (supervisors or others in management), the claims administrator, and your attorney (if you have one) will work with you to decide how you will stay at work or return to work and what work you will do. Actively communicate with your PTP, your employer, and the claims administrator about the work you did before you were injured, your medical condition and the kinds of work you can do now, and the kinds of work that your employer could make available to you.

**Payment for Permanent Disability:** If a doctor says you have not recovered completely from your injury and you will always be limited in the work you can do, you may receive additional payments. The amount will depend on the type of injury, extent of impairment, your age, occupation, date of injury, and your wages before you were injured.

**Supplemental Job Displacement Benefit (SJDB):** If you were injured on or after 1/1/04, and your injury results in a permanent disability and your employer does not offer regular, modified, or alternative work, you may qualify for a nontransferable voucher payable for retraining and/or skill enhancement. If you qualify, the claims administrator will pay the costs up to the maximum set by state law.

**Death Benefits:** If the injury or illness causes death, payments may be made to a

- Kung hindi ka ginagamot sa isang MPN o HCO at hindi ka nagtalaganoon, maaari kang lumipat sa isang bagong doktor nang minsan sa loob ng unang 30 araw matapos na maiulat ang iyong pinsala sa pinagtatrabahuhan mo. Makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng mga claim upang lumipat ng doktor. Makalipas ang 30 araw, maaari kang lumipat ng doktor na pipiliin mo kung hindi gumawa o pumili ng isang MPN ang iyong pinagtatrabahuhan o ang tagapangasiwa ng mga claim.

**Pagsiwalat ng Mga Medikal na Rekord:** Matapos mong gumawa ng claim para sa mga benepisyo ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, hindi na magiging kasingpribado ang iyong mga medikal na rekord na dati mong inaasahan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa boluntaryong paglalabas ng mga medikal na rekord, maaaring magdesisyon ang isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa kung aling mga rekord ang ilalabas. Kung hihilingin ang pagiging pribado mo, maaaring "selyaduhan" (panatilihing pribado) ng hukom ang mga partikular na medikal na rekord.

**Mga Problema sa Medikal na Pangangalaga at Mga Medikal na Report:** Sa ilang pagkakataon sa panahon ng iyong claim, maaaring hindi ka sumang-ayon sa iyong PTP tungkol sa kung aling paggamot ang kinakailangan. Kung mangyayari ito, maaari kang lumipat sa mga ibang doktor tulad ng inilalarawan sa itaas. Kung hindi kayo magkasundo ng isa pang doktor, ang mga hakbang na gagawin ay nakasalalay sa kung dinudulutan ka ng pangangalaga ng isang MPN, HCO, o wala sa mga ito. Para sa mga karagdagang impormasyon, tingnan ang "Alamin pa ang Tungkol sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa," sa ibaba.

Kung ipagkakait ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot na inirekomenda ng iyong PTP, maaari kang humiling ng independiyenteng medikal na pagsusuri (independent medical review - IMR) gamit ang form sa paghiling na kasama ng nakasulat na desisyon ng tagapangasiwa ng mga claim na ipagkait ang paggamot. Ang proseso ng IMR ay katulad ng proseso ng IMR ng panggrupong kalusugan, at nagtatagal nang humigit-kumulang 40 (o mas kaunti) araw para magdesisyunan ang pagtukoy nang sa gayo'y maibigay ang naaangkop na paggamot. Maaari kang tulungan ng abogado o ng doktor mo sa proseso ng IMR. Hindi magagamit ang IMR sa paglutas ng mga hindi pagkakaintindihan sa mga bagay bukod sa medikal na pangangailangan ng partikular na paggamot na hinihiling ng doktor mo.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong PTP sa mga bagay bukod sa paggamot, tulad ng dahilan ng pinsala mo o kung gaano kalala ang pinsala, maaari kang lumipat sa mga ibang doktor tulad ng inilalarawan sa itaas. Kung hindi kayo magkasundo ng ibang doktor, abisuhan ang tagapangasiwa ng mga claim sa pamamagitan ng sulat sa lalong madaling panahon. Sa kadalasan, malamang na mawawala sa iyo ang karapatang salungatin ang opinyon ng iyong PTP maliban kung gawin mo kaagad ito. Kung wala kang abogado, dapat kang padalhan ng tagapangasiwa ng mga claim ng mga tagubilin sa pagpapatingin sa isang doktor na tinatawag na kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator - QME) upang tumulong sa paglutas ng di pagkakaintindihan. Kung may abogado ka, maaaring subukan ng tagapangasiwa ng mga claim na makipagkasundo sa iyong abogado tungkol sa isang doktor na tinatawag na pinagkasunduang medikal na tagasuri (agreed medical evaluator - AME). Kung hindi sumasang-ayon ang tagapangasiwa ng mga claim sa iyong PTP sa mga bagay-bagay bukod sa paggamot, maaaring ibilin ng tagapangasiwa ng mga claim sa iyong magpatingin sa isang QME o AME.

**Bayad para sa Pansamantalang Kapansanan (Mga Nawalang Sahod):** Kung hindi ka makapagtrabaho habang nagpapagaling ka sa isang pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho, maaari kang makatanggap ng mga bayad para sa pansamantalang kapansanan sa limitadong panahon. Maaaring magbago o mahinto ang mga bayad na ito kapag sasabihin ng iyong doktor na kaya mo nang bumalik sa trabaho. Ang mga benepisyong ito ay hindi pinapatawan ng buwis. Ang mga bayad para sa pansamantalang kapansanan ay dalawa ng tatlong bahagi (two-thirds) ng iyong karaniwang lingguhang bayad, na nasa pagitan ng mga pinakamababa hanggang sa pinakamataas na itinatakda ng batas ng estado. Hindi ibinibigay ang bayad para sa unang tatlong araw na wala ka sa trabaho maliban kung maospital ka nang magdamag o hindi ka makapagtrabaho nang mahigit 14 na araw.

**Manatili o Bumalik sa Trabaho:** Ang pagtamo ng pinsala ay hindi nangangahulugang dapat ka nang huminto sa pagtatrabaho. Kung maaari mong ipagpatuloy ang pagtatrabaho, dapat mong gawin ito. Kung hindi, mahalagang bumalik sa trabaho sa iyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan sa sandaling kaya na mo batay sa iyong medikal na kondisyon. Ipinapakita ng mga pag-aaral na habang mas matagal kang wala sa trabaho, mas mahirap bumalik sa iyong orihinal na trabaho at mga sahod. Habang ikaw ay nagpapagaling, makikipagtulungan sa iyo ang iyong PTP, ang iyong pinagtatrabahuhan (mga superbisor o iba pa sa pangasiwaan), ang tagapangasiwa ng mga claim, at ang abogado mo (kung mayroon ka man) upang magdesisyon kung paano ka mananatili sa trabaho o babalik sa trabaho at kung anong trabaho ang gagawin mo. Aktibong makipag-usap sa iyong PTP, pinagtatrabahuhan, at sa tagapangasiwa ng mga claim tungkol sa trabahong ginawa mo noon bago ka nagkapinsala, iyong medikal na kondisyon at sa mga uri ng trabaho na kaya mong gawin ngayon, at sa mga uri ng trabaho na maaaring ibigay sa iyo ng pinagtatrabahuhan mo.

spouse and other relatives or household members who were financially dependent on the deceased worker.

**It is illegal for your employer** to punish or fire you for having a job injury or illness, for filing a claim, or testifying in another person's workers' compensation case (Labor Code 132a). If proven, you may receive lost wages, job reinstatement, increased benefits, and costs and expenses up to limits set by the state.

**Resolving Problems or Disputes:** You have the right to disagree with decisions affecting your claim. If you have a disagreement, contact your employer or claims administrator first to see if you can resolve it. If you are not receiving benefits, you may be able to get State Disability Insurance (SDI) or unemployment insurance (UI) benefits. Call the state Employment Development Department at (800) 480-3287 or (866) 333-4606, or go to their website at www.edd.ca.gov.

**You Can Contact an Information & Assistance (I&A) Officer:** State I&A officers answer questions, help injured workers, provide forms, and help resolve problems. Some I&A officers hold workshops for injured workers. To obtain important information about the workers' compensation claims process and your rights and obligations, go to www.dwc.ca.gov or contact an I&A officer of the state Division of Workers' Compensation. You can also hear recorded information and a list of local I&A offices by calling (800) 736-7401.

**You can consult with an attorney**. Most attorneys offer one free consultation. If you decide to hire an attorney, his or her fee will be taken out of some of your benefits. For names of workers' compensation attorneys, call the State Bar of California at (415) 538-2120 or go to their website at **www.californiaspecialist.org**.

**Learn More About Workers' Compensation:** For more information about the workers' compensation claims process, go to www.dwc.ca.gov. At the website, you can access a useful booklet, "Workers' Compensation in California: A Guidebook for Injured Workers." You can also contact an Information & Assistance Officer (above), or hear recorded information by calling 1-800-736-7401.

**Bayad para sa Permanenteng Kapansanan:** Kung sasabihin ng doktor na hindi pa ka ganap na gumaling sa iyong pinsala at palagi kang malilimitahan sa trabahong magagawa mo, maaari kang makatanggap ng mga karagdagang bayad. Ang halaga ay depende sa uri ng pinsala, sa hangganan ng kapansanan, sa iyong edad, hanapbuhay, petsa ng pinsala, at sa mga sahod mo bago ka nagtamo ng pinsala.

**Karagdagang Benepisyo sa Pagbago ng Trabaho (Supplemental Job Displacement Benefit - SJDB):** Kung nagtamo ka ng pinsala sa o makalipas ang 1/1/04, at ang pinsala mo ay magreresulta sa isang permanenteng kapansanan at hindi mag-aalok ang iyong pinagtatrabahuhan ng regular, binago, o alternatibong trabaho, maaaring maging kwalipikado ka para sa isang di naililipat na voucher na babayaran para sa muling pagsasanay at/o pagpapahusay ng kakayahan. Kung kwalipikado ka, babayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang mga halagang hanggang sa pinakamataas na itinatakda ng batas ng estado.

**Mga Benepisyo sa Pagkamatay:** Kung ang pinsala o karamdaman ay magiging sanhi ng pagkamatay, ang mga bayad ay maaaring ibigay sa asawa at mga iba pang kamag-anak o mga miyembro ng sambahayan na umaasa sa namatay na manggagawa para sa pinansiyal na suporta.

**Labag sa batas para sa iyong pinagtatrabahuhan** na parusahan o sisantehin ka sa pagkakaroon ng pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho, para sa pagpsusumite ng claim, o pagtetestigo sa kaso ng ibang tao para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa (Labor Code 132a). Kung mapatunayan, maaari kang makatanggap ng mga nawalang sahod, maitalagang muli sa trabaho, tumaas na mga benepisyo, at mga ipinambayad at ipinanggastos hanggang sa mga limitasyong itinatakda ng estado.

**Paglutas sa mga Problema o Hindi Pagkakaintindihan:** May karapatan kang hindi sumang-ayon sa mga desisyong nakakaapekto sa iyong claim. Kung mayroon kayong hindi pagkakaintindihan, makipag-ugnayan muna ka sa iyong pinagtatrabahuhan o tagapangasiwa ng mga claim upang alamin kung malulutas ninyo ito. Kung hindi ka nakakatanggap ng mga benepisyo, maaaring makakakuha ka ng Seguro sa Kapansanan ng Estado (State Disability Insurance - SDI) o mga benepisyo ng seguro sa kawalan ng trabaho (unemployment insurance - UI). Tawagan ang Employment Development Department ng estado sa (800) 480-3287 o (866) 333-4606, o pumunta sa kanilang website sa www.edd.ca.gov.

**Maaari kang Makipag-Ugnayan sa isang Opisyal ng Information & Assistance (I&A):** Sinasagot ng mga opisyal ng I&A ng estado ang mga tanong, tumutulong sa mga napinsalang manggagawa, nagbibigay ng mga form, at tumutulong sa paglutas ng mga problema. Ang ilang mga opisyal ng I&A ay nagdaraos ng mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa. Upang kumuha ng importanteng impormasyon tungkol sa mga claim para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa at sa iyong mga karapatan at obligasyon, pumunta sa www.dwc.ca.gov o makipag-ugnayan sa isang opisyal ng I&A ng Division of Workers' Compensation. Maaari din mong pakinggan ang mga nakarekord na impormasyon at listahan ng mga lokal na opisina ng I&A sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 736-7401.

**Maaari kang kumonsulta sa isang abogado**. Karamihan ng mga abogado ay nag-aalok ng libreng konsultasyon. Kung magdesisyon kang kumuha ng isang abogado, ang kanyang bayad ay ikakaltas sa ilan sa iyong mga benepisyo. Para sa mga pangalan ng mga abogado ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, tawagan ang State Bar of California sa (415) 538-2120 o pumunta sa kanilang website sa **www. californiaspecialist.org**.

**Alamin pa ang Tungkol sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa:** Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng mga claim sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, pumunta sa www.dwc.ca.gov. Sa website, maaari mong i-access ang isang makakatulong na libreto, ang "Workers' Compensation in California: A Guidebook for Injured Workers." Maaari ka ring makipag-ugnayan sa isang Opisyal ng Information & Assistance (sa itaas), o pakinggan ang mga nakarekord na impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-736-7401.